

## Halimbawang Abiso ukol sa Pag-deactivate

Inaatasan ang mga network company na magbigay sa mga manggagawang app-based ng abiso ukol sa pag-deactivate 14 na araw bago ang petsa ng pag-deactivate at muli sa petsa ng pag-deactivate.

**Petsa ng Abiso:** \_\_\_\_\_

Dapat ilabas ng mga kompanya ang abisong ito sa anumang wikang alam ng kompanya, o may dahilan ang kompanya upang malaman, bilang pangunahing wika ng manggagawa. Kung kailangan mong ipasalin sa ibang wika ang impormasyong ito, makipag-ugnayan sa \_\_\_\_\_ (email address).

***Natatanggap mo ang abisong ito dahil plano ng \_\_\_\_\_ (Kompanya) na i-deactivate o limitahan ang access ng iyong account. Mangyayari ang pag-deactivate sa \_\_\_\_\_ (petsa).***

Mga dahilan ng pag-deactivate (kasama dapat ang bahagi ng patakaran ng Kompanya na nilabag at ang (mga) partikular na insidenteng lumabag sa patakaran):

Upang makarating sa ganitong kongklusyon, isinaalang-alang ng \_\_\_\_\_ (Kompanya) ang mga sumusunod na talaan (kasama dapat ang petsa, oras, at lokasyon ng lahat ng insidenteng sumusuporta sa pagpapasyang mag-deactivate):

Ide-deactivate ka nang \_\_\_\_\_ (haba ng panahon).

Mareremedyo mo ang pag-deactivate na ito sa pamamagitan ng:

Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Paggawa ng Seattle (Seattle Office of Labor Standards) \* Sampol na Abiso ng Pag-deactivate batay sa mga kinakailangan ng SMC 8.40.070.

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Paggawa ng Seattle sa [www.seattle.gov/laborstandards](http://www.seattle.gov/laborstandards), mag-email sa [business.laborstandards@seattle.gov](mailto:business.laborstandards@seattle.gov), o tumawag sa 206-256-5297. Nirebisa: 11/2024

Bukod pa rito, mayroon kang karapatang tutulan ang pag-deactivate sa ilalim ng Ordinansa sa Mga Karapatan sa Pag-deactivate ng Manggagawang App-Based (App-Based Worker Deactivation Rights Ordinance), Kodigong Munisipal ng Seattle ( Seattle Municipal Code , SMC) 8.40. Mayroon kang hanggang \_\_\_\_\_ (90 araw mula sa petsa ng abiso) upang tutulan ang pag-deactivate.

Kung pipiliin mong magsimula ng isang pagtutol gaya ng inilalarawan sa ibaba, ang \_\_\_\_\_ (Kompanya) ay mayroong hanggang 14 na araw upang tumugon kasama ang napagpasyahan nito tungkol sa pagtutol. Ang lahat ng talaan tungkol sa iyong pagtutol at ang anumang pagtugon ay ibibigay sa iyo sa loob ng 14 na araw pagkatapos magsumite o tumugon.

Ang mga hakbang na maisasagawa mo upang tutulan ang pag-deactivate na ito ay (kasama dapat ang lahat ng magagamit na paraan ng pakikipag-ugnayan upang makapagsimula ang manggagawa ng isang pagtutol):

Makikita rin dito ang mga hakbang na ito (link o tagubilin sa patakaran sa pag-deactivate ng kompanya):

Pinagtibay ko sa ilalim ng parusa ng perjury o paglabag sa sinumpaang salaysay sa ilalim ng batas ng Estado ng Washington na ang totoo at tumpak na talaang pinagbatayan ng \_\_\_\_\_ (Kompanya) upang i-deactivate ang manggagawa ay [nakalakip sa abisong ito]/[maaaring i-download dito:  
\_\_\_\_\_ (link)]

Lagda: \_\_\_\_\_

Pangalang nakasulat sa malalaking titik: \_\_\_\_\_

Titulo: \_\_\_\_\_

Nilagdaan noong: \_\_\_\_\_ (araw, buwan, taon) sa \_\_\_\_\_ (lungsod, estado)

Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Paggawa ng Seattle (Seattle Office of Labor Standards) \* Sampol na Abiso ng Pag-deactivate batay sa mga kinakailangan ng SMC 8.40.070.

Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Paggawa ng Seattle sa [www.seattle.gov/laborstandards](http://www.seattle.gov/laborstandards), mag-email sa [business.laborstandards@seattle.gov](mailto:business.laborstandards@seattle.gov), o tumawag sa 206-256-5297. Nirebisa: 11/2024